

Talaan ng Suporta ng Lungsod ng Nantan para sa mga Taong Nangangailangan ng Konsiderasyon sa Oras ng Sakuna

Paunawa ukol sa Aplikasyon sa Pagrerehistro

Ang Lungsod ng Nantan ay nagsasagawa ng “Sistema ng Pagrerehistro bilang Taong Nangangailangan ng Konsiderasyon sa Oras ng Sakuna ng Lungsod ng Nantan” upang sa oras ng sakuna ay agarang makatanggap ng suporta sa loob ng komunidad ang mga taong may pag-aalala sa paglikas sa sariling kakayahan (mga matatanda, may kapansanan, atbp.) kapag nagkaroon ng sakuna.

Nilalayan ng sistemang ito na alamin nang maaga ng lungsod at mga kaugnay na institusyon ang mga impormasyon tungkol sa mga taong nangangailangan ng konsiderasyon at magpundar ng sistema ng suporta kung saan sila ay makakapamuhay sa komunidad nang panatag ang loob. Bukod dito, ang inirehistrong impormasyon ay gagamitin din sa araw-araw na gawaing pagsubaybay. Mangyaring mag-aplay lamang kung nais magparehistro.

1. Mga taong sakop ng rehistrasyon

Mga taong nananatili sa bahay at umaangkop sa (1) – (8) sa ibaba.

- (1) Taong may antas 1 o 2 ng Handbook para sa Taong May Pisikal na Kapansanan
- (2) Taong may uring A ng Handbook para sa Rehabilitasyon
- (3) Taong antas 1 ng Handbook para sa Kalusugan at Kapakanan ng Taong May Mental na Kapansanan
- (4) Taong nananatili sa bahay at may antas 3 pataas ng pangangailangan ng pangangalaga sa Nursing Insurance (Long-term Care Insurance)
- (5) Sambahayang binubuo ng 1 taong may edad na 65 pataas at namumuhay nang mag-isa
- (6) Sambahayang binubuo ng 2 o higit pang taong may edad na 75 pataas
- (7) Taong sumasailalim sa artificial dialysis
- (8) Iba pang taong maaaring mangailangan ng suporta (mga dayuhang hindi nakakaintindi ng wikang Hapon atbp.)

2. Mga institusyon at organisasyong namamahagi ng impormasyon

- Lungsod ng Nantan (Crisis Management Office, General Affairs Division ng bawat branch, Social Welfare Division, Senior Citizen’s Welfare Division, Health and Medical Division)
- Kyoto Chubu Fire Department (kabilang ang bawat branch)
- Nantan City Fire Department (kabilang ang bawat branch)
- Kyoto Nantan Police Station
- Nantan City Social Welfare Council (kabilang ang bawat opisina)
- Nantan City Welfare Commissioner / Commissioned Child Welfare Volunteer
- Self-governing district ng lugar na tinitirahan

3. Paraan ng aplikasyon sa pagrerehistro

Kung nais magparehistro, mag-aplay sa pamamagitan ng hiwalay na dokumento, “Pormularyo ng Aplikasyon sa Pagrerehistro”.

Sa karagdagan, alinsunod sa Privacy Protection Ordinance, kailangan ng pagsang-ayon ng mismong aplikante o kapamilya nito sa pamamahagi ng impormasyon sa mga kaugnay na institusyon, kaya’t mangyaring lumagda kung sumasang-ayon.

Bukod dito, kailangan ding magrehistro ng tagasuporta sa komunidad, kaya’t maunang hingiin ang pagsang-ayon ng taong nakatira sa parehong komunidad.

Para sa mga katanungan at aplikasyon Nantan City Hall, Welfare Consultation Division

☎ 0771-68-0023

- Kung may kahirapang mag-aplay dahil hindi nakakaintindi ng wika atbp., maaaring humingi ng suporta sa aplikasyon mula sa “Nantan City International Center”. Kumonsulta lamang sa ibaba.

Nantan City International Center ☎ 0771-63-1840